

MGA KARAPATAN NG MGA MAGULANG

Isang Gabay sa Maagang
Pagsisimula (Early Start) para sa
Mga Pamilya

Nirebisa nitong 2025



IMPORMASYON SA PAGLALATHALA

Mga Karapatan ng Magulang: Ang Isang Gabay sa Maagang Pagsisimula para sa mga Pamilya ay binuo ng Kagawaran ng Mga Serbisyo sa Pangkaunlaran ng California (California Department of Developmental Services) (tinutukoy bilang 'ang Kagawaran') sa tulong ng Kagawaran ng Edukasyon (California Department of Education) at WestEd, isang kompanya ng kontratista.

Maaari mong kopyahin o ibahagi ang anumang bahagi ng gabay na ito basta't banggitin mo na ito ay nagmula sa Kagawaran ng mga Serbisyon Pangkaunlaran.

IMPORMASYON SA PAG-ORDER

Kung kailangan mo ng mas maraming kopya, pumunta sa website ng Kapitbahayan ng Maagang Pagsisimula (Early Start Neighborhood) sa earlystartneighborhood.org.

Kung gusto mong matuto nang higit pa tungkol sa Maagang Pagsisimula ng California (Early Start), maaari kang:

- Tumawag sa: 800-515-BABY (800-515-2229),
- Bisitahin ang website sa www.dds.ca.gov/services/early-start
- Magpadala ng email sa earlystart@dds.ca.gov

© 2025 Kagawaran ng mga Serbisyon Pangkaunlaran

TALAAN NG NILALAMAN

IMPORMASYON SA PAGLALATHALA.....	1
IMPORMASYON SA PAG-ORDER	1
MGA SANGGUNIAN:.....	3
[NAMES].....	3
SEKSYON 1: PANIMULA	4
SEKSYON 2: MAY KAALAMANG PAHINTULOT	5
SEKSYON 3: PAGIGING KOMPIDENSIYAL AT ACCESS SA MGA TALAAN	6
SEKSYON 4: EBALWASYON AT PAGTATASA	7
SEKSYON 5: PLANO NG SERBISYONG PAMPAMILYA NA ISINAPERSONAL.....	10
SEKSYON 6: MGA KUMPERENSYA SA PAMAMAGITAN, MGA PAGDINIG SA ANGKOP NA PROESO, AT MGA REKLAMO SA ESTADO	12
SEKSYON 7: MGA KUMPERENSYA NG PAMAMAGITAN.....	13
SEKSYON 8: MGA PAGDINIG PARA SA MAKATARUNGANG PROESO	14
SEKSYON 9: MGA REKLAMO NG ESTADO	16
SEKSYON 10: KONKLUSYON	19

MGA SANGGUNIAN:

Ang dokumentong ito ay tumutukoy sa mga sumusunod na bahagi ng mga batas at regulasyon:

- Ang 34 CFR ay tumutukoy sa Titulo 34 ng Kodigo ng mga Regulasyong Pederal.
- Ang GC ay tumutukoy sa Kodigo ng Gobyerno para sa batas ng estado na namamahala sa Maagang Pagsisimula (Early Start).
- Ang CCR ay tumutukoy sa Kodigo ng mga Regulasyon ng California.

[NAMES]

Ang ilang mga pangalan ay lilitaw nang maraming beses sa dokumentong ito at pinaikli para sa mas madaling pagbasa:

- Kagawaran ng mga Serbisyon Pangkaunlaran – DDS – tatawagin namin itong 'ang Kagawaran' sa dokumentong ito.
- Kagawaran ng Edukasyon ng California (California Department of Education o CDE)
- Lokal na Ahensya ng Edukasyon – Local Education Agency o LEA
 - Ito ang mga lokal na paaralan, distrito, Tanggapan ng Edukasyon ng County
- Lokal na Lugar ng Plano para sa Espesyal na Edukasyon – SELPA
- Programa ng Maagang Pagsisimula (Early Start) – Ang sentrong panrehiyon at/o ang lokal na ahensya ng edukasyon (LEA) na nagbibigay ng mga serbisyo ng maagang interbensyon.

Kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa iyong mga karapatan bilang magulang sa programang Early Start, maaari mong tawagan ang iyong lokal na programang Early Start o ang Early Start Baby Line sa 800-515-2229 o magpadala ng email sa earlystart@dds.ca.gov.

SEKSYON 1: PANIMULA

Ang Maagang Pagsisimul (Early Start) ay isang programa sa California na tumutulong sa mga batang (mula kapanganakan hanggang 3 taong gulang) na may mga kapansanan at sa kanilang mga pamilya. Ang programang ito ay tumutulong sa iyong anak na lumago at umunlad sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga serbisyo sa iyong tahanan o komunidad at sa pamamagitan ng pagpapakita sa iyong pamilya kung paano susuportahan ang pag-unlad ng iyong anak. Ang programa ay sumusunod sa mga batas pederal at pang-estadong batas upang matiyak na ang inyong anak ay makakakuha ng tamang tulong. Bilang isang magulang, mayroon kang mga espesyal na karapatan at proteksyon upang matiyak na makukuha ng iyong anak ang tulong na kailangan nila. Nakikinig ang programa sa mga alalahanin ng iyong pamilya at nagbibigay ng mga serbisyong naaayon sa iyong buong pamilya. Ipinapaliwanag ng dokumentong ito ang iyong mga karapatan at proteksyon sa loob ng programang ito. Ang "magulang" ay magkakaroon ng iba't ibang kahulugan para sa iyo, depende sa iyong natatanging sitwasyon.

Sino ang itinuturing na "Magulang" sa Maagang Pagsisimula?³⁴ CFR 303.27]

1. **Biyolohikal o umampon na magulang** ng iyong anak.
2. **Foster na magulang**
3. **Tagapag-alaga:** Isang taong may legal na pahintulot mula sa korte na alagaan ang iyong anak at gumawa ng mahahalagang desisyon tungkol sa kanilang kalusugan, edukasyon, at pag-unlad.
4. **Isang taong kumikilos kapalit ng isang biyolohikal o umampon na magulang:** Maaari itong maging isang lolo o lola, madrasta, o iba pang miyembro ng pamilya na kasama ng iyong anak sa bahay o nag-aalaga sa mga pangangailangan ng iyong anak.
5. **Kahaliling magulang:** Ang taong ito ay itinatalaga sa pamamagitan ng isang legal na proseso upang gumawa ng mga desisyon para sa bata kapag wala ang magulang. Dapat na maunawaan ng taong ito ang mga pangangailangan ng mga bata at walang personal na dahilan para pumabor sa isang panig kaysa sa isa. [34 CFR 303.422; 17 CCR Section 52175]

SEKSYON 2: MAY KAALAMANG PAHINTULOT

Dapat kang magbigay ng pahintulot at pumirma ng isang dokumento bago makakuha ang iyong anak ng anumang pagsusuri o serbisyo mula sa Early Start. Dapat ding may pahintulot mo ang programa na magbahagi ng impormasyon tungkol sa iyo o sa iyong anak. Ang pagbibigay ng iyong pahintulot ay iyong desisyon, at maaari mong baguhin ang iyong isip anumang oras. Ito ay tinatawag na May-kaalamang Pahintulot.[34 CFR 303.7, 34 CFR 303.420]

Kung maraming tao sa buhay mo ang maaaring ituring na isang "magulang," mangyaring makipagtulungan sa tagapag-ugnay ng serbisyo ng iyong anak upang magpasya kung sino ang kailangang magbigay ng pahintulot.

Bilang isang magulang, mayroon kang mga karapatang ito patungkol sa may kaalamang pahintulot:

1. Kumuha ng impormasyon tungkol sa aktibidad sa wikang ginagamit mo sa bahay kapag hinihingi ng programang Early Start ang iyong pahintulot para sa aktibidad na iyon. [34 CFR 303.7]
2. Humingi muna ng nakasulat na pahintulot bago ibahagi ang anumang impormasyon na nagpapakilala sa iyo o sa iyong anak sa mga taong hindi dapat magkaroon nito.[34 CFR 303.414, 17 CCR 52162(B), 17 CCR 52169]
3. Humingi ng nakasulat na pahintulot bago magsagawa ng anumang pagsusuri upang malaman kung anong tulong ang kailangan ng iyong anak. [34 CFR 303.420(a), 17 CCR 52162(a)]
4. Kumuha ng nakasulat na pahintulot bago simulan ang anumang serbisyo ng Early Start para sa iyong anak. [34 CFR 303.420(a), 17 CCR 52162(a)]
5. Kumuha ng nakasulat na pahintulot bago gamitin ng Early Start ang iyong medical insurance para magbayad para sa mga serbisyo, kung maaari nitong bawasan ang iyong mga benepisyo, dagdagan ang iyong bayad, pataasin ang iyong buwanang bayad, o mawala ang iyong mga benepisyo o pagiging karapat-dapat sa Medicaid waiver.17 CCR 52162(d)]
6. Magbago ng isip at tumanggi anumang oras. [34 CFR 303.7(c)] Kung gagawin mo ito, ipapaliwanag ng programang Early Start kung anong mga serbisyo ang hindi makukuha ng iyong anak at ipaalala sa iyo na kailangan nila ang iyong nakasulat na pahintulot upang matulungan ang iyong anak.[34 CFR 303.420(b), 17 CCR 52162(c)] Kung babawiin mo ang iyong pahintulot, ang mga aksyon sa hinaharap lamang ang maaapektuhan nito at hindi ang anumang mga aksyon o serbisyong natanggap mo na.

SEKSYON 3: PAGIGING KOMPIDENSIYAL AT ACCESS SA MGA TALAAN

Ang mga talaan ng Maagang Pagsisimula ay isang mahalagang mapagkukunan ng impormasyon tungkol sa iyong anak. Lahat ng sinasabi mo sa kanila tungkol sa iyong anak at pamilya ay pribado at protektado. Tanging ang mga taong direktang tumutulong sa iyong anak ang makakakita ng impormasyong ito.

Bilang isang magulang, may karapatan kang:

1. Kunin ang impormasyon kung paano nila pinapanatiling pribado at ligtas ang impormasyon ng iyong anak at pamilya. [34 CFR 303.404]
2. Tingnan ang mga rekord ng iyong anak at humingi ng mga kopya. Maaari mo ring hayaang may tumingin sa mga rekord ng iyong anak. Maaari mo ring hilingin na ayusin o alisin ang anumang impormasyon tungkol sa iyong anak sa rekord. [34 CFR 303.405, 17 CCR 52168]
3. Kumuha ng mga kopya ng mga rekord ng iyong anak o kumuha ng paliwanag na iyong hiniling sa loob ng limang araw ng trabaho mula sa paggawa ng kahilingan. [17 CCR 52164(b)]
4. Humingi ng pagkakataong makipagkita sa direktor ng programang Early Start kung ang programa ay tumanggi sa pagbabago o pag-alis ng isang bagay mula sa mga rekord ng iyong anak na iyong hiniling. [17 CCR 52168(c)]
5. Panatilihin pribado at ligtas ang personal na impormasyon ng iyong anak. Dapat ipaalam sa iyo ng programang Early Start kung paano nila kinokolekta, iniimbak, ibinabahagi, at sinisira ang mga personal na rekord alinsunod sa Family Education Rights and Privacy Act (FERPA). [34 CFR 303.29, 17 CCR 52160(a), 17 CCR 52162, 17 CCR 52165, 17 CCR 52169]

SEKSYON 4: EBALWASYON AT PAGTATASA

Para malaman kung makakakuha ng tulong ang inyong anak mula sa programang Early Start sa California, isang pangkat ng mga sinanay na espesyalista ang makikipagkita, makikilala, at susubukin ang inyong anak para sa kanilang mga kasalukuyang kasanayan. Maaaring kabilang sa pangkat na ito ang isang Speech Language Pathologist (SLP), Occupational Therapist (OT), Physical Therapist (PT) o iba pang mga propesyonal. May mga patakaran upang matiyak na alam ng mga pamilya ang kanilang mga karapatan habang isinasagawa ang pagsusuri.

Bilang isang magulang, may karapatan kang:

1. Alamin ang lahat ng iyong mga karapatan sa Early Start. [34 CFR 303.421, GC 95020(c), 17 CCR 52161]
2. Hilingin na ang inyong anak ay masuri para sa Early Start. Maaari kang magbahagi ng impormasyon habang isinasagawa ang proseso ng pagsusuri. May karapatan kang gumawa ng mga desisyon at magbigay ng pahintulot para sa mga serbisyo ng Early Start ng iyong anak. [34 CFR 303.7, 34 CFR 303.420, 17 CCR 52040(d), 17 CCR 52082(b), 17 CCR 52084]
3. Magbigay ng nakasulat na pahintulot bago isagawa ang anumang pagsubok. Maaari mo ring tanggihan ang pagsusuri. [34 CFR 303.420, 17 CCR 52162]
4. Makilahok sa lahat ng pagsusulit habang ang inyong anak ay nasa Early Start. [34 CFR 303.321, GC 95020, 17 CCR 52082, 17 CCR 52084]
5. Kumuha ng kumpletong nakasulat na kopya ng lahat ng resulta ng pagsusuri sa loob ng 45 araw pagkatapos maipadala ang inyong anak sa Early Start. [34 CFR 303.310, 17 CCR 52086(a)]
6. Makilahok sa mga pagpupulong upang talakayin ang mga resulta ng pagsusulit. [GC 95020(b)]
7. Makilahok sa lahat ng desisyon tungkol sa kung kwalipikado ang iyong anak at kung anong mga serbisyo ang kanilang matatanggap. [34 CFR 303.343, GC 95014(a), GC 95020(b), 17 CCR 52082(a), 17 CCR 52104)]

Kinakailangan din ng Batas Pederal at Estado ang mga sumusunod:

1. Ang mga pagsusulit ay ginagawa sa wikang ginagamit mo sa iyong anak sa bahay, kung maaari. [34 CFR 303.321(a)(6)]

2. Ang mga pamamaraan at materyales sa pagsusulit ay hindi dapat maging hindi patas sa iyong anak dahil sa kanilang lahi o etnisidad. [34 CFR 303.321(a)(4), 17 CCR 52082(g)]
3. Ang mga pangangailangan, prayoridad, at alalahanin ng iyong pamilya ay tinatalakay sa wikang ginagamit mo sa bahay hangga't maaari. [17 CCR 52084(d)(4)]
4. Ang mga materyales sa pagsusulit ay dapat gamitin sa paraang idinisenyo ang mga ito. [17 CCR 52082]
5. Ang mga pagsusulit ay isinasagawa ng mga taong kwalipikado para gawin ang mga ito. [34 CFR 303.321, 17 CCR 52082, 17 CCR 52084]
6. Para sa mga batang may kilalang problema sa paningin, pandinig, orthopedic, o komunikasyon, ang mga pagsusulit ay pinipili nang isinasaalang-alang ang mga kondisyong ito upang masukat ang mga kakayahan at pag-unlad ng bata at hindi ang kanilang mga kahirapan. [17 CCR 52082]
7. Isasagawa ang pagsusuri sa lahat ng mga lugar na ito [GC 95014, 17 CCR 52082, 17 CCR 52022]:
 - a. Pag-unlad ng kognitibo – kung paano nag-iisip, natututo, at lumulutas ng mga problema ang iyong anak.
 - b. Pisikal na pag-unlad – kung paano ginagamit ng iyong anak ang kanilang katawan, kabilang ang mga braso, binti, kamay, paningin, pandinig, at kalusugan.
 - c. Pag-unlad sa komunikasyong mapagtanggap – kung paano nauunawaan ng iyong anak ang sinasabi ng iba sa kanila.
 - d. Pag-unlad ng nagpapahayag na komunikasyon – kung paano nakikipag-usap ang iyong anak sa iba upang ibahagi ang kanilang mga pangangailangan at kaisipan; kabilang dito ang sinesenyas na lengwahe (sign language) at iba pang paraan ng komunikasyon.
 - e. Adaptibong pag-unlad (adaptive development) – kung paano inaalagaan ng iyong anak ang mga pangunahing pangangailangan tulad ng pagkain at pananamit, at,
 - f. Sosyal at emosyonal na pag-unlad – kung paano nakikipag-ugnayan ang iyong anak sa iba at kung paano niya ipinapakita ang kanyang nararamdaman.
8. Regular na susuriin ang inyong anak habang nasa Early Start upang makita kung paano sila lumalaki at umuunlad. [GC 95014, 17 CCR 52082, 17 CCR 52084]
9. Dapat gawin ang pagsusuri sa mga lugar kung saan karaniwang gumugugol ng oras ang mga sanggol at paslit, tulad ng bahay, daycare, parke, aklatan, o sa iba pang mga lugar kung saan komportable ang iyong anak hangga't maaari. [17 CCR 52082(i), 17 CCR 52084(e)]
10. Susuriin ang mahahalagang talaan tungkol sa kalusugan at medikal na kasaysayan ng iyong anak. [34 CFR 303.321, 17 CCR 52082]

11. Maaaring gamitin ang mga kasalukuyang rekord ng iyong anak upang magpasya kung kwalipikado sila para sa mga serbisyo nang walang karagdagang pagsusuri. [34 CFR 303.321]
12. Gagamitin ng mga sinanay na propesyonal ang kanilang ekspertong kaalaman kapag sinusuri ang inyong anak upang magpasya kung kwalipikado ang inyong anak para sa mga serbisyo ng Early Start. Ang kanilang propesyonal na opinyon ay maaaring gamitin nang mag-isa upang magpasya kung kwalipikado ang iyong anak. [34 CFR 303.321]
13. Ang pagiging kwalipikado ng inyong anak para sa mga serbisyo ng Early Start ay hindi ibabatay sa iisang pagsusulit lamang. Magkasamang titingnan ng isang pangkat ang ilang impormasyon upang makagawa ng desisyon. [34 CFR 303.321, 17 CCR 52082]
14. Maaari kang pumiling lumahok sa mga panayam upang talakayin ang mga mapagkukunan, prayoridad, at mga alalahanin ng iyong pamilya tungkol sa pag-unlad ng iyong anak at mga pangangailangan ng iyong pamilya. [34 CFR 303.321, 17 CCR 52084, 17 CCR 52106]

SEKSYON 5: PLANO NG SERBISYONG PAMPAMILYA NA ISINAPERSONAL

Ang Indibidwal na Plano ng Serbisyon Pampamilya (Individualized Family Service Plan o IFSP) ay isang nakasulat na plano na nagpapaliwanag ng mga opsyon para sa mga serbisyo ng maagang interbensyon para sa iyong anak at pamilya batay sa mga resulta ng pagsusuri. Kung ang inyong anak ay susuriin sa unang pagkakataon sa Early Start, dapat maganap ang isang pagpupulong sa loob ng 45 araw mula sa pagsangguni upang ibahagi ang mga resulta ng pagsusuri at magpasya kung kwalipikado ang inyong anak. Kung kwalipikado sila, bubuuin ng pangkat ang unang IFSP ng inyong anak. Maaari mong makuha ang mga resulta ng pagsusulit bago ang unang pagpupulong para marepaso mo ang mga ito bago ang pagpupulong. [34 CFR 303.20, 34 CFR 303.342, GC 95020(b), 17 CCR 52100, 17 CCR 52102]

Dapat suriin ang IFSP ng iyong anak nang hindi bababa sa bawat anim na buwan [17 CCR 52102] o mas maaga kung hihilingin mo, o kung magbago ang mga sitwasyon. Dapat baguhin ang IFSP minsan sa isang taon gamit ang mga na-update na pagsusuri upang makita kung paano lumalaki ang iyong anak at gumawa ng anumang mga pagbabago kung kinakailangan. [34 CFR 303.342] Maaari ka ring humiling na magkaroon ng mga pagpupulong nang malayuan (sa pamamagitan ng telepono o video), ngunit ang programang Early Start ay dapat makipagkita sa iyo at sa iyong anak nang personal kahit isang beses bawat 6 na buwan. Ang kahilingang ito na personal na gawin ay hindi dapat gamiting dahilan para maantala ang anumang serbisyo. [GC 95020(c)(2)(A)]

Para sa mga pagpupulong ng IFSP, bilang isang magulang, may karapatan kang:

1. Magdaos ng pulong ng IFSP sa oras at lugar na nababagay sa iyo, at sa wikang ginagamit mo sa bahay. [34 CFR 303.342, 17 CCR 52102]
2. Kumuha ng nakasulat na abiso bago ang mga pagpupulong ng IFSP. [34 CFR 303.342, 17 CCR 52102]
3. Dumalo at makilahok sa mga pagpupulong ng IFSP. [34 CFR 303.343, 17 CCR 52104]
4. Anyayahan ang iba pang miyembro ng pamilya sa mga pagpupulong ng IFSP. [34 CFR 303.343, 17 CCR 52104]
5. Mag-imbita ng isang tagapagtaguyod o iba pang tao na dumalo at makilahok sa mga pagpupulong ng IFSP. [34 CFR 303.343, 17 CCR 52104]
6. Tumanggap ng kumpletong kopya ng IFSP sa wikang ginagamit mo sa bahay [34 CFR 303.25] nang walang gastos sa iyo.[34 CFR 303.409, 17 CCR 52102]

Para sa dokumento ng IFSP, bilang magulang, may karapatan kang:

7. Ipapaliwanag nang buo sa iyo ang lahat ng nasa IFSP sa wikang ginagamit mo sa bahay. [34 CFR 303.342, 34 CFR 303.404, 17 CCR 52102]
8. Magbigay ng pahintulot para sa mga serbisyong nakalista sa IFSP. Kung hindi ka magbibigay ng pahintulot para sa isang serbisyo, hindi ito ibibigay. Maaari mong baguhin ang iyong isip at tumanggi sa isang serbisyo kahit na sumang-ayon ka na rito, o kahit na sinimulan mo nang matanggap ito ng iyong anak. Hindi nito maaapektuhan ang iba pang mga serbisyo ng iyong anak. [34 CFR 303.342, 34 CFR 303.420, 17 CCR 52102]
9. Magkaroon ng mga serbisyong ibinibigay sa natural na kapaligiran (tulad ng bahay o daycare) o humingi ng paliwanag kung bakit hindi iyon posible. [34 CFR 303.13, 34 CFR 303.344, 17 CCR 52106]
10. Ibahagi ang impormasyon tungkol sa iyong anak sa ibang mga ahensya. [34 CFR 303.401, 17 CCR 52112, 17 CCR 52169]
11. Maging maalam sa pamamagitan ng sulat bago baguhin ng sinumang ahensya o tagapagbigay ng serbisyo ang anumang bahagi ng mga serbisyo ng Early Start ng inyong anak. [34 CFR 303.421, 17 CCR 52161]
 - a. Dapat kasama sa abiso ang:
 - i. Kung ano ang plano nilang gawin o baguhin,
 - ii. Bakit nila planong gawin ito, at,
 - iii. Ano ang maaari mong gawin kung hindi ka sumasang-ayon sa kanilang plano (tinatawag na "mga pananggalang sa pamamaraan").
 - b. Ang paunawa ay dapat nakasulat sa wikang ginagamit mo sa bahay. Maaari mo rin itong hilingin sa ibang paraan ng komunikasyon, kung maaari. [34 CFR 303.401 to 303.421, 17 CCR 52161]

SEKSYON 6: MGA KUMPERENSYA SA PAMAMAGITAN, MGA PAGDINIG SA ANGKOP NA PROSESO, AT MGA REKLAMO SA ESTADO

Sa Early Start, ikaw bilang magulang ay may mga karapatan at proteksyon upang matiyak na ang iyong anak ay makakakuha ng tulong na kailangan nila at ang mga alalahanin ng iyong pamilya ay matutugunan. [34 CFR 303.436, 17 CCR 52173, 17 CCR 52174]

Kapag hindi ka sumasang-ayon sa programang Early Start, mayroon kang ilang mga opsyon upang malutas ang hindi pagkakasundo, at mayroon kang ilang mga karapatan. Ang mga sumusunod na pamamaraan ay nalalapat para sa mga batang wala pang tatlong taong gulang.

Bilang isang magulang, may karapatan kang:

1. Humingi ng pulong para sa pamamagitan o pagdinig sa tamang proseso anumang oras na hindi ka sumasang-ayon sa programang Early Start tungkol sa anumang bahagi ng mga serbisyo ng Early Start ng iyong anak. [34 CFR 303.430, 34 CFR 303.431, 17 CCR 52172]
2. Maging maalam sa iyong karapatang maghain ng reklamo o humingi ng mediasyon o isang pagdinig ayon sa tamang proseso. [34 CFR 303.432, 17 CCR 52172]
3. Maghain ng reklamo kung sa tingin mo ay nilabag ng Early Start ang anumang mga patakaran o batas tungkol sa pagiging karapat-dapat o mga serbisyo ng iyong anak. [34 CFR 303.434, 17 CCR 52170]
4. Humingi ng pulong para sa pamamagitan anumang oras kung hindi ka sumasang-ayon sa mga serbisyo ng Maagang Pagsisimula ng iyong anak. Maaari kang humiling ng isang pulong ng mediasyon kahit bago maghain ng mga reklamo, o kahit habang may iba pang mga prosesong nagaganap. [34 CFR 303.431, 17 CCR 52173]
5. Maghain ng reklamo kung hindi nasusunod ang desisyon sa due process hearing. [34 CFR 303.433(c)(3), 17 CCR 52170(b)]

SEKSYON 7: MGA KUMPERENSYA NG PAMAMAGITAN

Ang mediasyon ay isang kusang-loob, impormal, at kumpidensyal na proseso kung saan ang isang neutral na tao na tinatawag na tagapamagitan ay tumutulong sa iyo at sa programang Early Start na lutasin ang mga hindi pagkakasundo. [34 CFR 303.431, 17 CCR 52173]

Bilang isang magulang, may karapatan kang:

1. Humingi ng pamamagitan bilang unang opsyon para sa paglutas ng isang hindi pagkakaunawaan o anumang oras sa panahon ng due process hearing o proseso ng reklamo. [34 CFR 303.431, 17 CCR 52173]
2. Tumanggi sa pamamagitan kung ayaw mong sumali. [34 CFR 303.431, 17 CCR 52173]
3. Magkaroon ng isang kwalipikado at neutral na tagapamagitan na walang kinikilingan. [34 CFR 303.431, 17 CCR 52173(c)]
4. Magdaos ng pulong ng pamamagitan sa oras at lugar na nababagay sa iyo. [34 CFR 303.431, 17 CCR 52173]
5. Magsama ng ibang tao o tagapagtaguyod sa pulong. [17 CCR 52173(h)]
6. Panatilihin pribado ang mga talakayan tungkol sa pamamagitan at tandaan na hindi ito maaaring gamitin laban sa iyo sa korte o mga pagdinig sa hinaharap. [17 CCR 52173(j)]
7. Tumanggap ng nakasulat na dokumento na naglalarawan ng mga kasunduang ginawa noong mga pulong ng pamamagitan. [34 CFR 303.431, 17 CCR 52173(i)]

Ang mga kahilingan para sa pamamagitan ay isinampa sa:

Office of Administrative Hearings
Attention: Early Start Intervention Section
2349 Gateway Oaks Drive, Suite 200
Sacramento, CA 95833-4231

Telepono: (916) 263-0654
Fax: (916) 376-6318

SEKSYON 8: MGA PAGDINIG PARA SA MAKATARUNGANG PROSESO

Paglutas ng mga Pagkakaiba at Mga Pagdinig Para sa Makatarungang Proceso

Kung hindi ka sumasang-ayon sa anumang bagay tungkol sa programang Early Start ng iyong anak, maaari mong subukang pag-usapan ito sa pulong ng IFSP o humiling ng isang pagdinig sa pamamagitan. Kung hindi nito malutas ang isyu, maaari kang humiling ng isang pagdinig para sa makatarungang proseso. Makakakuha ka ng tulong mula sa service coordinator ng iyong anak, sa regional center, o sa opisina ng Special Education Local Plan Area (SELPA). [34 CFR 303.430, 17 CCR 52172]

Mga Dahilan sa Paghingi ng Pagdinig Para sa Makatarungang Proceso

Maaari kang humiling ng isang pagdinig para sa makatarungang proseso kung hindi ka sumasang-ayon tungkol sa anumang bahagi ng pagiging karapat-dapat o serbisyo ng iyong anak sa Early Start. [17 CCR 52172(a)]

Mga Patuloy na Serbisyo sa Panahon ng Pagdinig Para sa Makatarungang Proceso

Habang isinasagawa ang makatarungang proseso, patuloy na matatanggap ng inyong anak ang mga serbisyo ng Early Start na nakalista sa kanilang Individualized Family Service Plan (IFSP), maliban na lang kung kayo at ang programang Early Start ay magkasundo na baguhin ang mga ito. Kung hindi kayo sumasang-ayon tungkol sa isang bagong serbisyo na hindi pa nasisimulan, matatanggap pa rin ng inyong anak ang lahat ng serbisyo sa IFSP na hindi ninyo pinagtatalunan. Gayunpaman, kapag ang iyong anak ay naging 36 na buwan na ang edad, lahat ng serbisyo ng Early Start ay matatapos na. Pagkatapos niyan, makakatanggap ang inyong anak ng mga serbisyo mula sa susunod na programang kanilang ililipatan kung sila ay karapat-dapat para sa programang iyon. [34 CFR 303.209]

Paghiling ng Pagdinig Para sa Makatarungang Proceso

Para simulan ang isang due process hearing, ipadala ang iyong nakasulat na kahilingan sa Office of Administrative Hearings sa adres na ito [17 CCR 52172]:

Office of Administrative Hearings
Attention: Early Start Intervention Section
2349 Gateway Oaks Drive, Suite 200
Sacramento, CA 95833-4231

Telepono: (916) 263-0654
Fax: (916) 376-6318

Maaari mong makuha ang form para humiling ng pagdinig para sa makatarungang proseso mula sa iyong tagapangasiwa ng serbisyo, sa Early Start program, o sa website ng Departamento.

Mahahalagang Limitasyon sa Oras

Dapat mong ihain ang iyong nakasulat na kahilingan para sa isang due process hearing sa loob ng dalawang taon mula sa petsa na nalaman mong hindi ka sumasang-ayon sa programang Early Start [34 CFR 303.440(a)(2)].

Ang pagdinig sa ilalim ng angkop na proseso ay dapat makumpleto sa loob ng 30 araw ng kalendaryo mula sa araw na matanggap ng Tanggapan ng mga Administratibong Pagdinig ang iyong kahilingan. Ang desisyon ay pinal maliban kung iapela mo ito. [17 CCR 52172(e)]

SEKSYON 9: MGA REKLAMO NG ESTADO

Paghahain ng Reklamo

Sinuman ay maaaring maghain ng isang nilagdaan at nakasulat na reklamo laban sa isang sentrong pangrehiyon, LEA, o pribadong tagapagbigay ng serbisyo na tumatanggap ng mga pondo para sa Maagang Pagsisimula. Maaari kang maghain ng reklamo tungkol sa mga paglabag sa mga batas o regulasyon ng estado o pederal na Early Start. Maaari ka ring maghain ng mga reklamo upang malutas ang mga problema tulad ng pagtangga sa pagiging kwalipikado o mga serbisyo. Tanging ang mga pamamaraan ng Maagang Pagsisimula ang ginagamit upang malutas ang mga reklamo sa Maagang Pagsisimula. [17 CCR 52170]

Proteksyon sa Pagkapribado

Dapat imbestigahan ng Kagawaran ang lahat ng reklamong natatanggap nito. Hindi maaaring ibahagi ng Kagawaran ang personal na impormasyon ng iyong anak nang walang nakasulat na pahintulot mo, maliban na lamang sa mga awtorisadong empleyado mula sa programang Early Start. [34 CFR 303.432, 17 CCR 52169, 17 CCR 52170(a)]

Paghingi ng Tulong sa Paghahain ng mga Reklamo

Makakakuha ka ng tulong sa paghahain ng mga reklamo mula sa tagapangasiwa ng serbisyo ng iyong anak, sa tanggapan ng sentrong pangrehiyon, o sa Special Education Local Plan Area (SELPA). Maaari ring magbigay ng impormasyon at tulong ang Kagawaran at ang CDE. Ang mga organisasyong pang-advokasiya tulad ng State Council on Developmental Disabilities (SCDD) o Disability Rights California ay maaari ring humingi ng tulong. [34 CFR 303.437, 17 CCR 52170]

Saan Maghahain ng mga Reklamo

Ipadala ang iyong nilagdaang at nakasulat na reklamo sa:

Department of Developmental Services

Attention: Community Appeals and Resolutions Branch

1215 O Street, MS 8-20

Sacramento, CA 95814

Telepono: (916) 651-6309

Fax: (916) 654-3641

Email: earlystart@dds.ca.gov

Mga Karapatan Kapag Naghahain ng Reklamo

1. May karapatan kang humingi ng tulong mula sa iyong service coordinator kapag naghahain ng reklamo. [17 CCR 52170]
2. Maaari kang magsumite ng karagdagang impormasyon sa Kagawaran na maaaring makatulong sa imbestigasyon. [34 CFR 303.433, 17 CCR 52171(a)]
3. Makakatanggap ka ng pangwakas na nakasulat na desisyon mula sa Kagawaran sa loob ng 60 araw pagkatapos nilang matanggap ang iyong reklamo. [34 CFR 303.433, 17 CCR 52171(a)]
4. Kung matuklasan ng Kagawaran na ang mga serbisyo ay maling tinanggihan, gagawa sila ng mga hakbang upang itama ang isyu. Maaaring kasama rito ang pagbabayad sa iyo para sa mga serbisyong binayaran mo o pagtiyak na makukuha mo ang mga tamang serbisyo sa hinaharap. Sila ang mamamahala sa programang Early Start upang makapagbigay ng mga angkop na serbisyo. [17 CCR 52171(a)]
5. Ipa-resolba sa Kagawaran ang iyong reklamo sa loob ng 60 araw kung hindi ito bahagi ng isang due process hearing. [34 CFR 303.433, 17 CCR 52171(c)]
6. Kung ang iyong reklamo ay may kinalaman sa parehong isyu at mga tao gaya ng sa nakaraang pagdinig, ipapaalam sa iyo ng Kagawaran na ang desisyon mula sa nakaraang proseso ng pagdinig ay nalalapat pa rin at dapat sundin. [34 CFR 303.433, 17 CCR 52171(d)]
7. May karapatan kang malutas ang anumang reklamo kung ang isang pampublikong ahensya o pribadong tagapagbigay ng serbisyo ay hindi sumunod sa isang desisyon sa tamang proseso. [34 CFR 303.433, 17 CCR 52171(e)]

Ano ang Dapat Isasama sa isang Reklamo

Dapat nakasulat ang iyong reklamo. Dapat itong magsama ng isang nilagdaang pahayag na nagpapaliwanag na ang Kagawaran, ang sentrong pangrehiyon, LEA, o iba pang tagapagbigay ng serbisyo na kasangkot sa Early Start ay lumabag sa isang batas o regulasyon. [34 CFR 303.434, 17 CCR 52172(a)]

Dapat kasama sa iyong reklamo ang:

1. Ang iyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan: pangalan, tirahan, at numero ng telepono. [17 CCR 52170(g)]

2. Kung ang reklamo ay tungkol sa isang partikular na bata, isama ang pangalan at address ng bata, ang pangalan ng sentrong pangrehiyon, LEA, o tagapagbigay ng serbisyo, isang paglalarawan ng problema, at kung paano sa tingin mo dapat lutasin ang problema. [34 CFR 303.434]
3. Isang malinaw na paliwanag ng problema, kung ano ang nangyari, at anumang mga hakbang na ginawa sa lokal na antas upang malutas ito (kung naaangkop). [17 CCR 52170(g), 17 CCR 52170(g)(5)]
4. Ang pangalan ng tao o organisasyon na iyong inirereklamo. Isama ang pangalan ng sentrong pangrehiyon, LEA, o tagapagbigay ng serbisyo. [17 CCR 52170(g)]
5. Dapat mong ipadala ang reklamo sa organisasyon o partido na iyong nirereklamo. [34 CFR 303.434]
6. Ang isyung inirereklamo mo ay dapat nangyari sa loob ng isang taon bago matanggap ng Kagawaran ang reklamo. [34 CFR 303.434, 17 CCR 52170(c)]

SEKSYON 10: KONKLUSYON

Umaasa kami na ang gabay na ito ay nakapagbigay sa iyo ng kapaki-pakinabang na impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan bilang isang magulang. Kung mayroon pa kayong mga katanungan, maaari kayong makipag-ugnayan sa Kagawaran sa 800-515-BABY (800-515-2229) o earlystart@dds.ca.gov.

Makakakita ng karagdagang impormasyon at mga form sa:

[Mga apela & Mga reklamo.](#)

